


Ang Talinghaga ng Manghahasik

(Mateo 13:1-9, 18-23)

Ang talinghaga ay ang kuwento na ginamit ni Jesus upang magturo ng mahahalagang aral tungkol sa buhay at kung paano tayo nais ng Diyos na mamuhay.

Isang araw, si Jesus ay umupo sa tabi ng lawa at isang malaking grupo ng tao ang lumapit sa Kanya. Kaya't nagsalaysay Siya ng isang talinghaga upang turuan sila ng mahalagang aral tungkol sa buhay at pananampalataya.



"Nagpunta ang isang magsasaka upang maghasik ng mga buto sa kanyang bukirin. Habang itinatapon niya ang mga buto, may mga buto na nahulog sa matigas na daan. Dahil matigas ang lupa, hindi tumubo ang mga buto at agad na tinuka ng mga ibon.

Ang iba namang buto ay nahulog sa mabatong lupa, kung saan mababaw lang ang lupa. Mabilis itong tumubo, ngunit nang sumikat ang araw, nalanta at natuyo ang mga halaman dahil wala silang malalim na ugat.

May mga buto ring nahulog sa pagitan ng mga tinik. Ang mga tinik na ito ay lumaki at tinakpan ang mga halaman, kaya't hindi sila nakapagbunga.

Ngunit ang mga buto na nahulog sa matabang lupa ay tumubo at lumago. Nagbunga sila ng marami—ang iba ay tatlumpung beses, ang iba ay animnapu, at ang iba ay isang daang beses ng inihasik na buto."

Matapos magsalita, sinabi ni Jesus, "Ang may mga tainga ay makinig."

Pagkatapos, ipinaliwanag ni Jesus ang parabula sa Kanyang mga alagad:

"Ang mga buto ay kumakatawan sa Salita ng Diyos. Ang mga buto na nahulog sa daan ay tulad ng mga tao na nakarinig ng mensahe ng Diyos ngunit hindi nila ito naintindihan. Dumarating ang masama at agad inaalís sa kanyang isip ang mensaheng kanyang napakinggan.

Ang mga buto na nahulog sa mabatong lupa ay tulad ng mga tao na nakarinig at agad na tinanggap ang Salita ng Diyos nang may kagalakan, ngunit dahil wala silang malalim na ugat, nang dumating ang mga pagsubok at mga paghihirap, mabilis silang nawawala.

Ang mga buto na nahulog sa mga tinik ay tulad ng mga tao na nakarinig ng Salita ng Diyos, ngunit ang mga alalahanin ng buhay at ang pagmamahal sa kayamanan ang humahadlang sa kanila na magbunga.

Ngunit ang mga buto na nahulog sa matabang lupa ay tulad ng mga tao na nakarinig at naintindihan ang Salita ng Diyos. Sila ay namumuhay ayon dito at nagbubunga ng mabubuting bagay, tulad ng isang halaman na lumalaki at nagbubunga ng marami."



Ang salita ng Diyos ay tungkol sa katotohanan at kaligtasan. Ito ay para sa lahat ng tao na buong pusong tumatanggap at nagtitiwala sa Kanyang salita. Ang salita Niya ay may kapangyarihang baguhin ang ating buhay. Dahil dito makikilala natin ang Diyos bilang matiisin at mapagmahal at nagkakaroon tayo ng pagkakataon na lumago sa espirituwal na buhay habang tayo ay nakikinig at nagtitiwala sa Kanya. Natututo tayong manalangin at sumunod sa Kanyang mga turo. Tinuturuan din tayo ng Diyos na maging matatag sa pananampalataya na nagbubunga ng pagmamahal at kabaitan sa kapwa.

